

Impormasyon para sa Pagkontak

Kung nais mo ng higit na kaalaman tungkol sa Building Blocks Vancouver, mangyaring tawagan ang MOSAIC sa **604.254.9626** at hilingin na makausap ang isang coordinator. Maaari mo rin sila tawagan upang i-refer ang iyong sarili sa programa, o gumawa ng referral sa ngalan ng ibang tao.

Bisitahin ang link na ito para sa referral forms: <https://www.mosaicbc.org/services/family-children-youth/building-blocks-vancouver/>

Kung ang programang ito ay hindi naaangkop, makakatulong kami na mag-alok ng ibang mga suportang o referrals.

Tungkol sa MOSAIC

Ang MOSAIC ay isang non-profit at nakarehistro bilang charity na organisasyon na naglilingkod sa mga imigrante at mga bagong dating mula pa noong 1976. Sa ngayon ay nag-aalok kami ng komprehensibong mga serbisyo para sa Canadian citizens, mga bagong dating, refugees, mga imigrante, at pansamantalang dayuhang manggagawa o TFW sa maraming lokasyon sa Metro Vancouver.

Bilang karagdagan sa programang ito, Nag-aalok din ang MOSAIC ng mga sumusunod:

Mga Programang Pambata at Pampamilya
Paghanap ng Trabaho | English Language Centres
Serbisyo para Interpretasyon | Settlement Programs
Mga Specialized na Serbisyo | Mga Serbisyo para sa Pagsasalin sa Ibang Wika

Upang kontakin kami, o kumuha ng karagdagang impormasyon sa mga serbisyong ito, mangyaring bumisita sa: www.mosaicbc.org o tumawag sa 604.254.9626



@mosaicbc



Pinondohan ng Ministry of Children and Family Development



Sa Pakikipagtulungan sa Vancouver Coastal Health

©MOSAIC August 2017 [Filipino]



MOSAIC

Ang Building Blocks Vancouver



Mahigit 40 taon nang nagbibigay-kapangyarihan sa mga bagong dating upang lubos na makilahok sa lipunan ng Canada

Ano ang ibig sabihin ng Building Blocks?

Ang Building Blocks Vancouver ay isang maagang pamamagitan (early intervention) na home-based na pangsuportang programa ng MOSAIC para sa mga baguhang magulang o first-time parents, itinataguyod nito ang malusog na paglaki at pag-unlad ng bata at pinahuhusay ang takbo ng pamilya.

Ang mga magulang na kasali sa programang ito ay tinatakdaan ng isang "home visitor" mula sa MOSAIC na kung saan ay bibisita sa inyong tahanan halos isang beses sa bawat linggo upang sagutin ang inyong mga katanungan at mga pag-aalala, at magbibigay ng payo para sa mga magulang.



Tungkol sa programa

Kung pakiramdam mong ikaw ay balisá o nag-iisa, isang baguhang magulang na malayo sa iyong istraktura ng suporta, narito kami para tumulong sa iyo. Ang team ng mga nars, social workers at program staff ng MOSAIC ay darating sa iyong tahanan upang:

- Subaybayan ang kalusugan at paglaki ng iyong sanggol
- Sagutin ang mga tanong tungkol sa pagpapakain (pagpapasuso / bottle feeding / solid food)
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa toilet training
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa mga yugto ng paglaki (developmental stages) ng bata
- Pag-usapan ang tungkol sa malusog na pagkain
- Mag-alok ng mga ideya sa kung paano makipaglaro at makipag-komunika sa iyong anak
- Pag-usapan ang tungkol sa angkop na disiplina sa bata
- Magbahagi ng impormasyon sa kung paano maihahanda ang iyong anak para sa preschool/ kindergarten
- Ang dalas ng pagbisita ay nakabatay sa pangangailangan at sitwasyon ng bawat pamilya

Available sa iba't ibang mga Wika



Sino ang maaaring maging kwalipikado?

Ang Building Blocks ay tumutulong lamang sa mga baguhang magulang. Kami ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga magulang na taga Vancouver na magsisilang ng sanggol sa unang pagkakataon o may anak na mas bata sa edad na 6-buwan.

Ang mga serbisyo ay maaaring magsimula nang kasing aga ng ika-28 linggo ng pagbubuntis (third trimester), o anumang oras bago ang sanggol ay sumapit sa 6-buwan gulang. Maaaring magpatuloy ang mga serbisyo hanggang sa ang anak ay pumasok sa kindergarten kung kinakailangan.

Ang Building Blocks Vancouver ay karaniwang masigasig na naglilingkod sa 120 pamilya bawat buwan sa Vancouver at nag-aalok ng natatanging pangsuportang serbisyo na pangmatagalan.

Ang aming team ay binubuo ng:

- Pangsuporta sa pamilyang home visitors
- Pamublikong health nurses
- Mga consultant ng social work
- Program coordinator

Nag-aalok ang Building Blocks ng suporta sa Cantonese, Ingles, Hindi, Tagalog, Vietnamese, Urdu, Korean, Espanyol, Punjabi, Tamil at Mandarin.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa 604.254.9626 at hilingin na makausap ang isang coordinator.